

OPISYAL NA PAHAYAG

Agosto 7, 2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Pinalawak ng Lungsod ang Kaluwagan para sa mga Nangungupahan na Apektado ng COVID-19

Long Beach, CA - Ang Konseho ng Lungsod ng Long Beach ay sama-samang bumoto noong Hulyo 29 upang palawakin ang [emerhensiyang ordinansa](#) na huminto ng pagpapalayas para sa residensyal at komersyal na nangungupahan na apektado ng pandemya ng COVID-19.

“Ang pandemya ay nagdulot ng mga hindi inaasahang epekto sa ekonomiya,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Ang pagpapalawak ng emerhensiyang ordinansa ay nagbibigay ng patuloy ng ginhawa sa ating mga nangungupahan at komersiyal na nangungupahan na higit na nagnangailangan sa mga panahong ito.”

Ang pagbabago ay nagpalawak sa kasalukuyang moratoriyum ng pagpapalayas at pagpapaliban ng renta ng karagdagang 60 araw, hanggang Setyembre 20, 2020.

Kung ang isang nangungupahan ay hindi makabayad ng upa sa pagitan ng Marso 4, 2020, at Setyembre 30, 2020, dahil sa isang pagbawas ng kita na dulot ng COVID-19, dapat nilang ipabigay-alam sa kanilang maylupa na ang renta ay hindi mababayaran sa oras. Sa panahong iyon, ang mga protektadong nangungupahan ay maaaring maantala sa pagbabayad ng upa sa mga maylupa. Ang mga ipinagpaliban na bayad ay dapat bayaran ng hindi lalampas ng Hulyo 31, 2021, at hindi maaaring magkaroon ng huling singil o iba pang mga bayarin hanggang sa oras na ito. Hinihikayat ang mga nangungupahan na magtatag ng isang plano sa pagbabayad upang makagawa ng mga installment ng ipinagpaliban na renta sa panahon ng pagbayad. Inatasan ang mga nangungupahan na magbigay ng dokumentasyon ng malaking pagkalugi ng kita na dulot ng mga kawalan ng trabaho, mga gastos sa medikal o mga pangangailangan sa sa pagpapanatili sa tahanan dulot ng COVID-19.

Hanggang sa Setyembre 30, 2020, ang mga may-ari ng lupa na naglalabas ng mga abiso ng hindi pagbabayad sa renta ay kailangang magsama ng impormasyon tungkol sa emerhensiyang ordinansa ng Lungsod upang matiyak na alam ng mga nangungupahan ang kanilang mga karapatan.

Ang moratoriyum at pagpapaliban ng renta ay hindi nalalapat sa malalaking komersyal na nangungupahan na multinasyonal o pampublikong ipinagpalit na kumpanya at mga kumpanya na may 500 o higit pa na mga empleyado, mga nangungupahan sa Paliparan ng Long Beach, o mga nangungupahan sa Harbor. Ang Lungsod at ang kanilang mga komisyon ay magpapatuloy sa pakikipagtulungan sa mga nangungupahan sa isang kaso-sa-kaso na batayan upang matugunan ang mga epekto ng COVID-19 at makipagkasundo ng naaangkop na pagpapaliban ng renta o iba pang mga akomodasyon.

Bilang karagdagan, ang Konseho ng Lungsod ay naghahanap ng iba't ibang pagpipilian sa tulong para sa mga may-ari ng ari-arian na naapektuhan ng COVID-19, kabilang ang kaluwagan ng foreclosure, pag-refund ng buwis sa ari-arian at ang posibilidad ng isang umiikot na pondo ng pautang.

Ang Konseho ng Lungsod ay unang [tinanggap](#) ang emerhensiyang moratoriyum sa pagpapalayas noong Marso sa gitna ng pagsiklab ng COVID-19, at nag-isyu ng [pagpapahaba](#) ng ordinansa noong Mayo.

Para sa karagdagang impormasyon, bumista sa [website Long Beach Development Services website](#) at tingnan ang mga [Mapagkukunan para sa mga May-ari ng Bahay, Nangungupahan, ang May-ari ng Lupa. for Homeowners, Renters, and Landlords](#) ng Lungsod.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang aming mga residente, bumisita sa: longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###